tl

# ligtas, wais, protektado

# *Kaligtasan, Panregulasyon at Legal*

## Paggamit ng at Kaligtasan sa Baterya

**Babala:** Para sa iyong kaligtasan, ang baterya sa iyong mobile device ay dapat lamang tanggalin ng isang aprubadong Motorola service center o independienteng kwalipikadong propesyonal. (Tingnan ang iyong garantiya para sa mga paghihigpit.)

- Huwag subukang tanggalin o palitan ang baterya nang ikaw lang. Ang pagtangkang tanggalin o palitan ang baterya ay maaaring makasira sa baterya at magdulot ng pagkasunog at pinsala.
- Huwag subukang kalasin o ayusin ang iyong telepono. Ang pagtangkang kalasin o ayusin ang iyong telepono ay maaaring makasira sa baterya at magdulot ng pagkasunog at pinsala.
- Huwag pisain, baliin, o ilantad ang iyong telepono sa init o likido. Maaari itong makasira sa baterya at maaaring magdulot ng pagkasunog at pinsala.

## Pag-charge sa Baterya

I-charge ang iyong Motorola phone gamit ang tamang Motorola charger, iba pang tatak na class 2 Limited Power Source USB charger na sumusunod sa USB 1.1 o 2.0 at sumusunod sa EN301489-34, EN60950-1 o katumbas, o malakas sa power na USB port sa PC. Ang mga charger na hindi sumusunod sa mga pamantayang ito ay maaaring hind ligtas, at maging sanhi ng mabagal na pag-charge, pinsala sa produkto, o mabawasan ang pagganap ng device.

- Hindi makakapag-charge ang iyong phone kung ang temperatura nito ay masyadong mataas o mababa.
- Gumamit lamang ng inaprubahang baterya ng Motorola na naglalaman ng ligtas na circuitry at idinisenyo upang magbigay ng pinakamahusay na pagganap sa iyong Motorola device.

## Third Party na mga Baterya

Ang paggamit ng baterya o charger na hindi Motorola ay maaaring magdulot ng panganib na magkasunog, o magkaroon ng pagsabog, pagtagas o iba pang peligro. Hindi saklaw ng warranty ng Motorola ang pagkasira sa telepono na dulot ng mga baterya at/o charger na hindi Motorola. Para sa isang listahan ng mga accessory ng Motorola, bisitahin ang **www.motorola.com/us/consumers/Accessories/accessories,en_US,sc.html** (nasa Ingles lang).

Upang matulungan kang makilala ang mga tunay na baterya ng Motorola sa mga hindi orihinal o pekeng baterya (na maaaring walang sapat na proteksyong pangkaligtasan), naglalagay ang Motorola ng mga hologram sa mga baterya nito. Dapat mong kumpirmahin na ang anumang bateryang binibili mo ay may hologram na “Motorola Original”. Kung nakakakita ka ng

mensahe sa iyong display gaya ng **Di Wastong Baterya** o **Hindi Makapag-charge**, gawin ang mga sumusunod na hakbang:

- Tanggalin ang baterya at siyasatin ito upang kumpirmahin na mayroon itong hologram na “Motorola Original”;
- Kung walang hologram, ang baterya ay hindi isang baterya ng Motorola;
- Kung may hologram, ibalik ang baterya at subukang i-charge ito ulit;
- Kung mananatili ang mensahe, makipag-ugnayan sa isang service center na aprubado ng Motorola.

# Mga Pag-iingat sa Pagmamaneho

Pangunahin mong responsibilidad ang pagmamaneho nang responsable at ligtas habang nagmamaneho ng sasakyan. Laging sumunod sa mga lokal na batas at regulasyon.

# Mga kombulsyon, Pagkahimatay at Masakit na mata, at Hindi Maayos na Pakiramdam

Ang matagal na paggamit ng anumang device ay maaring maging sanhi ng hindi komportableng pakiramdam sa mga kamay, daliri, braso, leeg, at iba pang bahagi ng iyong katawan, at magiging sanhi ng masakit na mata at sakit ng ulo. Magandang gawin ang paggamit ng iyong device sa ligtas na lugar na may komportableng ilaw, at laging magpahinga kung nakakaramdam ng hindi maayos na katawan. Humingi ng payong medikal kung mayroon pa ring sintomas.

Sa mga bihirang kaso, ang mga katulad na flash tulad ng sa ilaw, halimbawa sa mga video game o pelikula, maaring maging sanhi ng kumbulsyon o pagkahimatay. Kung nakaranas ka ng kombulsyon o pagkahimatay, o mayroong kasaysayan ng kombulsyon, ihinto ang paggamit ng iyong device at humingi ng payong medikal.

# Babala Tungkol sa Paggamit ng Malakas na Volume



**Babala:** Ang pagkalantad sa malakas na ingay mula sa kahit anong pinagmumulan nang matagal ay maaaring makaapekto sa iyong pandinig. Kapag mas malakas ang ingay, mas kaunting oras ang kinakailangan bago maaaring maapektuhan ang iyong pandinig. Upang protektahan ang iyong pandinig:

- Limitahan ang tagal na gumagamit ka ng mga headset o headphones nang malakas ang volume.
- Iwasang lakasan ang volume upang masapawan ang maiingay na kapaligiran.
- Hinaan ang volume kung hindi mo nariring ang mga tao na nagsasalita malapit sa iyo.

Kung nakakaranas ka ng hindi magandang pakiramdam sa pandinig, kasama ang pakiramdam ng puwersa sa o pagkapuno ng iyong tainga, pagkuliling sa iyong mga tainga, o hindi maintindihang pagsasalita, dapat mong itigil ang pakikinig sa device sa pamamagitan ng iyong headset o headphones at ipatingin ang iyong pandinig.

# Mga Bata

**Panatilihing malayo sa maliliit na bata ang iyong mobile device at ang mga accessory nito.** Hindi mga laruan ang mga produktong ito at maaaring maging mapaminsala sa maliliit na bata. Halimbawa, maaaring makabulon ang maliliit na piyesang maaaring tanggalin.

**Bantayan ang paggamit.** Kung ginagamit ng isang bata ang iyong mobile device, subaybayan ang kanyang paggamit upang makatulong na maiwasan ang pagkawala ng data o mga hindi inaasahang singil para sa data o mga pagbili ng application.

# Mga Piyesang Salamin

Maaaring gawa sa salamin ang ilang piyesa ng iyong mobile device. Kung mabasag ang salamin, huwag tangkaing ayusin ang device nang ikaw lang. Ihinto ang paggamit sa iyong mobile device hangga't sa mapalitan ang salamin ng isang kwalipikadong service center.

# Allergens

Iniiwasan ng Motorola Mobility ang paggamit ng kilalang allergens sa aming mga produkto. Paminsan-minsan maaring magdagdag ng kaunting dami ng allergen habang ginagawa ang device o bahagi ng device na maaring maging sanhi ng pagkabalisa ng ilang mga indibidwal. Ang paraang ito ay karaniwan sa maraming uri ng mga produkto. Iminumungkahi namin na tingnan ang mga produktong na maaring madikit sa iyong balat ng matagal,  at tanggalin ito kung nakakaranas ka ng iritasyon sa balat.

# Paggamit at Pangangalaga

Upang pangalagaan ang iyong Motorola mobile device, mangyaring sundin ang mga sumusunod:

- **Likido:** Huwag ilantad ang iyong mobile device sa tubig, ulan, labis na halumigmig, pawis o iba pang mga likido.
- **Pagpapatuyo:** Huwag subukang patuyuin ang iyong mobile device gamit ang isang microwave oven, conventional oven o dryer.
- **Sobrang init o lamig:** Huwag itago o gamitin ang iyong mobile device sa mga temperaturang bababa sa -10°C (14°F) o lalagpas sa 60°C (140°F). Huwag i-recharge ang iyong mobile device sa mga temperaturang bababa sa 0°C (32°F) o lalagpas sa 45°C (113°F).
- **Alikabok at dumi:** Huwag ilantad ang iyong mobile device sa alikabok, dumi, buhangin, pagkain o mga katulad na materyales.
- **Pglilinis:** Upang linisin ang iyong mobile device, gumamit lang ng isang tuyo at malambot na pamunas. Huwag gumamit ng alcohol o iba pang mga cleaning solution.

- **Shock at vibration:** Huwag ihulog ang iyong mobile device o ilantad ito sa malakas na vibration.
- **Proteksyon:** Upang makatulong na protektahan ang iyong mobile device, palaging siguraduhing sarado at secure ang lahat ng takip ng connector at compartment, at iwasang dalhin ito kasama ng matitigas na bagay gaya ng mga susi o barya.

# Mga Babala sa Paggamit

Sundin ang lahat ng mga nakapaskil na karatula kapag gumagamit ng mga mobile device sa mga pampublikong lugar.

## Mga Lugar na Madaling Sumabog

Ang mga lugar na madaling sumabog ay karaniwan, ngunit hindi palaging, nakapaskil at maaaring kinabibilangan ng mga blasting area, gasolinahan, mga fueling area (gaya ng sa ilalim ng mga kubyerta sa mga barko), mga pasilidad para sa paglilipat o pag-imbak ng gasolina o kemikal, o mga lugar kung saan naglalaman ng mga kemikal o particle ang hangin, gaya ng grain dust o mga metal powder.

I-off ang iyong mobile device bago pumasok sa ganoong lugar at huwag mag-charge ng mga baterya. Sa mga ganoong lugar, maaaring magkaroon ng mga pagkislap at magdulot ng pagsabog o sunog.

## Gabay sa Simbolo

Ang iyong charger, mobile device, display ng device, at user's guide o packaging ay maaaring maglaman ng mga simbolo na tinutukoy gaya ng sumusunod:

| Simbolo | Kahulugan |
|---|---|
|  | May mahalagang impormasyong pangkaligtasan na sumusunod. |
|   | Maaaring kailanganing i-recycle ang iyong baterya o mobile device alinsunod sa mga lokal na batas. Makipag-ugnayan sa inyong mga lokal na awtoridad na nagpapatupad ng regulasyon para sa higit pang impormasyon. |
|  | Huwag itapon ang iyong baterya o mobile device kasama ng basura sa inyong bahay. Tingnan ang "Pagtapon at Pag-recycle" para sa higit pang impormasyon. |
|  | Para sa paggamit lang sa loob ng bahay/gusali. |

| Simbolo | Kahulugan |
|---|---|
|  | Ang pakikinig sa musika o boses sa pamamagitan ng isang headset nang malakas ang volume ay maaaring makapinsala sa iyong pandinig. |
|  | Gamitin lamang ang iyong charger sa loob ng bahay/gusali. |

# Radio Frequency (RF) Energy

## Pagkalantad sa RF Energy at Paggamit sa Device

Ang iyong mobile device ay naglalaman ng transmitter at receiver ng RF energy. Dinisenyo ito upang sumunod sa mga kinakailangang panregulasyon hinggil sa pagkalantad ng tao sa RF.

Para sa pinakamahusay na performance ng device at upang manatiling umaayon sa mga alintuntunin ng pagkalantad sa RF:

- Itabi sa tenga ang iyong mobile phone kapag nakikipag-usap.
- Kapag ginagamit ang iyong mobile phone katabi ng iyong katawan (maliban kapag nasa iyong kamay o nasa tabi ng iyong ulo), panatilihin ang layo na 1.5 cm (3/4 na pulgada) sa iyong katawan upang maging kapareho ng kung paano sinubukan ang mobile phone para sa pagsunod sa mga kinakailangan sa pagkalantad sa RF.
- Kung ginamit mo ang lalagyan ng aksesorya na hindi-Motorola o holder, tiyaking napapanatili ang kailangang distansyang magkahiwalay at walang mga parteng metal.

## Sundin ang Mga Tagubilin upang Maiwasan ang Mga Problema sa Interference

I-off ang iyong mobile device sa anumang lokasyong mayroong mga nakapaskil na paunawang nagtatagubilin nga sa iyo na gawin iyon, gaya ng mga hospital o mga pasilidad para sa health care.

Sa isang sasakyang panghimpapawid, i-off ang iyong mobile device kapag tinagubilinan na gawin iyon ng staff ng airline. Kung may airplane mode o katulad na feature ang iyong mobile device, konsultahin ang staff ng airline tungkol sa paggamit nito habang lumilipad.

## Mga Medical Device

Kung gumagamit ka ng implantable pacemaker o defibrillator, o iba pang medikal na device, konsultahin ang iyong healthcare provider at ang mga direksyon ng manufacturer ng device bago gamitin ang mobile device na ito.

Dapat na sundin ng mga taong may pacemaker o defibrillator ang mga sumusunod na pag-iingat:

- PALAGING panatilihing mahigit sa 20 sentimetro (8 pulgada) ang layo ng mobile device sa pacemaker o defibrillator kapag NAKA-ON ang mobile device.

- Gamitin ang taingang mas malayo sa pacemaker o defibrillator upang mabawasan ang potensyal na magkaroon ng interference.
- I-OFF kaagad ang mobile device kung mayroon kang kahit anong dahilang paghinalaan na may nagaganap na interference.

## Impormasyong Panregulasyon

Dinisenyo ang iyong Motorola mobile device upang sumunod sa mga kinakailangan ng mga national at international na regulasyon. Para sa mga kumpletong pahayag at detalye ng pagsunod, mangyaring sumangguni sa impormasyong panregulasyon sa iyong naka-print na guide sa produkto.

## Elektronikong Etiketa

Maaaring gumamit ang iyong mobile device ng isang elektronikong etiketa na nagbibigay ng ilang impormasyong panregulasyon tungkol sa device. Para makita ang elektronikong etiketa, i-tap ang Apps → **Settings** → **Tungkol sa iyong telepono** → **Impormasyong panregulasyon**.

## Pahayag ng Pagsunod sa Mga Direktiba ng European Union (European Union Directives Conformance Statement)

Ang sumusunod na impormasyon sa pagsunod sa CE (CE compliance) ay naaangkop sa mga Motorola mobile device na may isa sa mga sumusunod na tatak ng CE:

CE

CE0168


CE0168 ⓘ

Sa pamamagitan nito, inihahayag ng Motorola na ang produktong ito ay sumusunod sa:

- Mga pangunahing kinakailangan at iba pang mga kaugnay na probisyon ng Directive 1999/5/EC
- Lahat ng kaugnay na Direktiba ng EU (EU Directives)

Para sa mga produktong sumusuporta sa Wi-Fi 802.11a (ayon sa tinukoy sa impormasyon ng iyong produkto): Sa labas ng Estados Unidos, Ang device na ito ay para lang sa paggamit sa loob ng bahay/gusali kapag ginagamit nasa 5.15 hanggang 5.25 GHz (802.11a) na Wi-Fi frequency band.

Ang sumusunod ay nagbibigay ng halimbawa ng tipikal na Uri ng pangalan:




Maaari mong tingnan ang Declaration of Conformity (DoC) ng iyong produkto sa Directive 1999/5/EC (sa R&TTE Directive) sa **www.motorola.com/rtte** (nasa Ingles lang). Upang makita ang iyong DoC, ilagay ang Uri ng pangalan mula sa iyong etiketa ng produkto sa "Search" bar sa website.

**Ang mga awtoridad sa Paghihigpit sa loob ng EU ay maaring makakuha ng impormasyon sa pagsunod sa pamagitan ng pagsulat sa: Product Safety and Compliance, Motorola Mobility UK Ltd., Redwood, Crockford Lane, Chineham Business Park, Basingstoke, RG24 8WQ, UNITED KINGDOM.**

# EU Pahayag ng Pagsunod

Ang Technical Construction File (TCF) na may kaugnayan sa produktong ito ay magagamit mula sa Samahan na Nagse-Sertipika sa Motorola Mobility UK Ltd., Redwood, Crockford Lane, Chineham Business Park, Basingstoke, RG24 8WQ, UNITED KINGDOM.

# Paunawa ng FCC sa Mga User (FCC Notice to Users)

**Naaangkop ang sumusunod na pahayag sa lahat ng produktong may logo ng FCC at/o may FCC ID sa tatak ng produkto.**

Nasubukan ang equipment na ito at napag-alamang nakakatugon ito sa mga limitasyon para sa isang Class B na digital device, alinsunod sa part 15 ng FCC Rules. Tingnan ang 47 CFR Sec. 15.105(b). Dinisenyo ang mga limitasyong ito upang magbigay ng makatwirang proteksyon laban sa mapaminsalang interference kapag ipinuwesto ito sa loob ng bahay. Ang equipment na ito ay gumagawa, gumagamit at maaaring mag-radiate ng radio frequency energy at kung hindi naipuwesto at hindi ginagamit alinsunod sa mga tagubilin ay maaaring magdulot ng mapaminsalang interference sa komunikasyong panradyo. Gayunpaman, walang garantiya na walang magaganap na interference sa isang partikular na pagpupuwesto. Kung magdudulot nga ang equipment na ito ng mapaminsalang interference sa signal ng radyo o telebisyon na maaaring matukoy sa pamamagitan ng pag-off at pag-on sa equipment, hinihikayat ang user na subukang iwasto ang interference sa pamamagitan ng isa o higit pa sa mga sumusunod na paraan:

- Baguhin ang oryentasyon o ilipat ang receiving antenna.
- Lakihan ang pagitan ng equipment at ng receiver.
- Ikonekta ang equipment sa isang outlet na nasa isang circuit na naiiba sa kung saan nakakonekta ang receiver.
- Konsultahin ang dealer o isang sanay na technician ng radyo/TV para sa tulong.

Sumusunod ang device na ito sa part 15 ng FCC Rules. Napapailalim ang paggamit sa sumusunod na dalawang kundisyon: (1) Ang device na ito ay hindi maaaring magdulot ng mapamisalang interference, at (2) ang device na ito ay dapat na tumatanggap ng kahit na anong interference na matatanggap, kasama ang interference na maaaring magdulot ng hindi kanais-nais na epekto sa paggamit. Tingnan ang 47 CFR Sec. 15.19(a)(3).

Hindi inaprubahan ng Motorola ang anumang mga pagbabago o modification ng user sa device na ito. Maaaring mapawalang-bisa ng anumang mga pagbabago o modification ang karapatan ng user na gamitin ang equipment. Tingnan ang 47 CFR Sec. 15.21.

# Mga Paunawa para sa Software

**Babala laban sa pag-unlock sa bootloader o pagbago sa operating system software ng isang produkto:** Madiing hinihikayat ng Motorola na huwag baguhin ang operating system ng isang produkto; kasama dito ang pag-unlock sa bootloader, pag-root ng device o pagpapatakbo ng kahit na anong operating software maliban sa mga inaprubahang bersyong ibinibigay ng Motorola at ng mga kasosyo nito. Maaaring permanenteng masira ng ganoong mga pagbabago ang iyong produkto, gawing hindi ligtas ang iyong produkto at/o gawing hindi gumana nang wasto ang iyong produkto. Sa ganoong mga pagkakataon, hindi masasaklaw ng warranty ang produkto o kahit na anong pagkasirang magreresulta mula doon.

**Mahalagang impormasyon sa FCC:** Hindi ka dapat magsagawa o mag-enable ng anumang mga pagbabago sa produkto na makakaapekto sa grant ng FCC sa pagpapahintulot sa equipment. Ang grant ng FCC ay batay sa mga katangian ng emission, modulation at transmission ng produkto, kasama ang: mga power level, mga operating frequency at bandwidth, mga level ng SAR, duty-cycle, mga transmission mode (hal., CDMA, GSM), at nilalayong paraan ng paggamit sa produkto (hal., paano hinahawakan ang produkto o ginagamit nang malapit sa katawan). Ang isang pagbabago sa alinman sa mga salik na ito ay magpapawalang-bisa sa grant ng FCC. Ilegal na gumamit ng nagta-transmit na produkto nang walang wastong grant.

# Mga Serbisyo ng Lokasyon

Maaaring magbigay ang mga Motorola mobile device ng impormasyon sa mga application tungkol sa tinatayang lokasyon ng mga iyon, gamit ang mga pinagmumulan kasama ang GPS, AGPS at Wi-Fi. Ang GPS (Global Positioning System) ay gumagamit ng mga satellite na pinapatakbo ng pamahalaan na sumasailalim sa mga pagbabagong ipinapatupad alinsunod sa patakaran ng Department of Defense at ng Federal Radio Navigation Plan. Maaaring maapektuhan ng mga pagbabagong ito ang performance ng teknolohiya para sa lokasyon sa iyong mobile device. Ginagamit ng AGPS (Assisted Global Positioning System) ang network ng iyong wireless service provider upang pahusayin ang performance ng GPS. Maaaring malapat ang airtime, mga bayarin sa data, at/o mga singil alinsunod sa iyong service plan. Makipag-ugnayan sa iyong wireless service provider para sa mga detalye. Maaari ding gumamit ang iyong mobile device ng mga Wi-Fi signal upang

tukuyin ang iyong tinatayang lokasyon gamit ang impormasyon mula sa mga kilala at available na Wi-Fi network.

Nagta-transmit ang mga mobile device ng impormasyong nababatay sa lokasyon kapag nakakonekta sa isang wireless network o kapag gumagamit ng iba pang mga teknolohiya para sa lokasyon tulad ng GPS. Kung gumagamit ka ng mga application na nangangailangan ng impormasyong nababatay sa lokasyon gaya ng mga direksyon sa pagmamaneho, magbibigay ang iyong mobile device ng impormasyon ng lokasyon sa mga iyon. Maaaring magbahagi ang mga application na ito ng impormasyon ng lokasyon sa mga third party, kasama ang iyong wireless service provider, mga provider ng mga application, ang Motorola, at iba pang mga third party na nagbibigay ng mga serbisyo.

## Mga Emergency na Tawag

Kapag nagsasagawa ka ng emergency na tawag, maaaring i-activate ng cellular network ang teknolohiya ng AGPS sa iyong mobile device upang sabihin sa mga emergency responder ang iyong tinatayang lokasyon.

May mga limitasyon ang AGPS at **maaaring hindi ito gumana sa inyong lugar**. Samakatuwid:

- Palaging sabihin sa emergency responder ang iyong lokasyon nang pinakamalinaw hangga't kaya mo; at
- Manatili sa telepono nang kasing tagal ng sasabihin sa iyo ng emergency responder.

# Nabigasyon

Kung nagbibigay ng mga feature ng nabigasyon ang iyong Motorola mobile device, tandaan na maaaring maglaman ng hindi tumpak o hindi kumpletong data ang impormasyon ng pagmamapa, mga direksyon at iba pang data na pangnabigasyon. Sa ilang bansa, maaaring hindi available ang kumpletong impormasyon. Samakatuwid, dapat mong visual na kumpirmahin na kapareho ng kung anong nakikita mo ang mga tagubilin para sa nabigasyon. Dapat na pagtuunan ng lahat ng nagmamaneho ang mga kundisyon, pagsasara at trapiko ng kalsada, at lahat ng iba pang salik na maaaring makaapekto sa pagmamaneho. Palaging sundin ang mga nakapaskil na karatula sa kalsada.

# Privacy at Seguridad ng Data

Nauunawaan ng Motorola na mahalaga sa lahat ng tao ang privacy at seguridad ng data. Dahil maaaring makaapekto sa iyong privacy at seguridad ng data ang ilang feature ng iyong mobile device, mangyaring sundin ang mga rekomendasyong ito upang paigtingin ang proteksyon ng iyong impormasyon:

- **Subaybayan ang pag-access:** Panatilihing kasama mo ang iyong mobile device at huwag itong iwanan kung saan maaaring magkaroon ng hindi nasusubaybayang pag-access ang iba. Gamitin ang mga feature na pangseguridad at lock ng iyong device kapag available.
- **Panatilihing napapanahon ang software:** Kapag naglabas ang Motorola o isang software/application vendor ng patch o software fix para sa iyong mobile device na nag-a-update sa seguridad ng device, i-install ito sa lalong madaling panahon.

- **I-secure ang Personal na Impormasyon:** Maaaring mag-imbak ang iyong mobile device ng personal na impormasyon sa iba't ibang lokasyon, kasama ang iyong SIM card, memory card, at memory ng telepono. Siguraduhing tanggalin o i-clear ang lahat ng personal na impormasyon bago mo i-recycle, ibalik, o ipamigay ang iyong device. Maaari mo ring i-backup ang iyong personal na data upang ilipat sa isang bagong device.

  **Tandaan:** Para sa impormasyon sa kung paano mag-backup o mag-wipe ng data sa iyong mobile device, pumunta sa **www.motorola.com/support**
- **Mga online account:** Ang ilang mobile device ay nagbibigay ng Motorola online account. Pumunta sa iyong account para sa impormasyon sa kung paano pamahalaan ang account, at paano gamitin ang mga feature na panseguridad gaya ng remote na pag-wipe at lokasyon ng device (kapag available).
- **Mga application at update:** Pamahalaan nang maingat ang iyong apps at mga update, at mag-install lang mula sa mga pinagkakatiwalaang mapagkukunan. Ang ilang apps ay maaaring makaapekto sa performance ng iyong mobile device at/o magkaroon ng access sa pribadong impormasyon kasama ang mga detalye ng account, data ng pagtawag, mga detalye ng lokasyon, at mga resource ng network.
- **Wireless:** Para sa mga mobile device na may mga feature ng Wi-Fi, kumonekta lang sa mga pinagkakatiwalaang Wi-Fi network. Gayundin, kapag ginagamit ang iyong device bilang isang hotspot (kung available), gumamit ng seguridad para sa network. Makakatulong ang mga pag-iingat na ito na mahadlangan ang hindi pinapahintulutang access sa iyong device.
- **Impormasyong batay sa lokasyon:** Ang mga mobile device na nagpapagana ng mga teknolohiyang nababatay sa lokasyon gaya ng GPS, AGPS o Wi-Fi ay maaaring mag-transmit ng impormasyong nababatay sa lokasyon. Tingnan ang “Mga Serbisyo ng Lokasyon” para sa higit pang mga detalye.
- **Iba pang impormasyong maaaring i-transmit ng iyong device:** Maaari ding mag-transmit sa Motorola o iba pang mga third-party na server ang iyong mobile device ng impormasyon sa pagsusubok at iba pang diagnostic na impormasyon (kasama ang impormasyong nababatay sa lokasyon), at iba pang impormasyong hindi personal. Ginagamit ang impormasyong ito upang makatulong na pahusayin ang mga produkto at serbisyong inaalok ng Motorola.

Kung mayroon kang mga karagdagang tanong tungkol sa kung paano maaaring makaapekto sa iyong privacy o seguridad ng data ang paggamit sa iyong mobile device, mangyaring makipag-ugnayan sa Motorola sa **privacy@motorola.com**, o makipag-ugnayan sa iyong service provider.

# Pagtapon at Pag-recycle

## Mga Mobile Device at Accessory

Mangyaring huwag itapon ang iyong mga mobile device o mga electrical accessory (gaya ng mga charger, headset, baterya) kasama ng iyong basura sa bahay. **Babala: Huwag kailanman**

**magtapon ng mga baterya, nakahiwalay man o nasa loob ng iyong mobile device, sa isang apoy dahil maaaring sumabog ang mga iyon.** Dapat na itapon ang mga mobile device o electrical accessory alinsunod sa mga pambansang paraan ng pagkolekta at pag-recycle na ipinapatupad ng iyong lokal o pangrehiyon na awtoridad. O kaya, maaari kang magbalik ng mga di na gustong Motorola mobile device at mga electrical accessory sa alinmang Motorola Approved Service Center sa iyong rehiyon. Para sa mga detalye sa mga naaprubahang pambansang paraan ng pagkolekta at mga aktibidad ng Motorola sa pagre-recycle, pumunta sa: **www.motorola.com/recycling**

Ang produktong ito ay sumasang-ayon sa RoHS.

## Packaging at Mga Product Guide

Dapat lang itapon ang packaging ng produkto at mga product guide alinsunod sa mga pambansang kinakailangan sa pagkolekta at pagre-recycle. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong mga rehiyonal na awtoridad para sa higit pang mga detalye.

# Copyright sa Software

Ang mga produkto ng Motorola ay maaaring may kasamang mga naka-copyright na Motorola at third-party na software na nakalagay sa mga memory ng semiconductor o iba pang media. Pinapangalagaan ng mga batas sa Estados Unidos at iba pang mga bansa para sa Motorola at mga third-party na provider ng software ang ilang partikular na eksklusibong karapatan para sa naka-copyright na software, gaya ng mga eksklusibong karapatan na ipamahagi o i-reproduce ang naka-copyright na software. Alinsunod dito, ang anumang naka-copyright na software na nilalaman ng mga produkto ng Motorola ay hindi maaaring baguhin, i-reverse-engineer, ipamahagi o i-reproduce sa anumang paraan hanggang sa sukdulang pinapayagan ng batas. Dadag pa rito, ang pagbili ng mga produkto ng Motorola ay hindi ituturing na nagbibigay, nang direkta o sa pamamagitan ng implikasyon, estoppel, o iba pang paraan, ng kahit na anong lisensya sa ilalim ng mga copyright, patent, o aplikasyon para sa patent ng Motorola o anumang third-party na provider ng software, maliban sa normal, royalty-free at hindi eksklusibong lisensyang gumamit na bunsod ng pagpapatupad ng batas sa pagbenta ng produktong iyon.

# Copyright ng Content

Ang hindi pinapahintulutang pagkopya ng mga naka-copyright na materyal ay labag sa mga probisyon ng Mga Batas ng Copyright ng Estados Unidos at ng iba pang mga bansa. Inilaan ang device na ito para lang sa pagkopya ng mga materyal na hindi naka-copyright, mga materyal kung saan pagmamay-ari mo ang copyright, o mga materyal na may karapatan o legal na pahintulot kang kopyahin. Kung hindi ka sigurado tungkol sa iyong karapatan na kopyahin ang anumang materyal, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong abogado.

# Impormasyon sa Open Source na Software

Para sa mga tagubilin sa kung paano makakuha ng kopya ng kahit anong source code na ginagawang available ng Motorola sa publiko na nauugnay sa software na ginagamit sa Motorola mobile device na ito, maaari mong ipadala ang iyong kahilingan nang pasulat sa address sa ibaba. Pakitiyak na kasama ng kahilingan ang model number at ang software version number.

MOTOROLA MOBILITY LLC
OSS Management
1000 Enterprise Way
Sunnyvale, CA 94043
USA

Naglalaman din ang website ng Motorola na **opensource.motorola.com** (nasa Ingles lang) ng impormasyon hinggil sa paggamit ng Motorola ng open source.

Ginawa ng Motorola ang website na **opensource.motorola.com** upang magsilbing isang portal para sa umiiral na komunidad ng software.

Upang tumingin ng karagdagang impormasyon hinggil sa mga lisensya, mga pagkilala/pasasalamat (acknowledgment) at mga kinakailangang paunawa sa copyright para sa mga open source na package na ginagamit sa Motorola mobile device na ito, mangyaring pumunta sa Apps → **Mga Setting** → **Tungkol sa telepono** → **Impormasyong legal** → **Mga open source na lisensya**. Bilang karagdagan, ang Motorola device na ito ay maaaring may kasamang mga self-contained na application na nagbibigay ng mga karagdagang paunawa para sa mga open source na package na ginagamit sa mga application na iyon.

# Serbisyo at Pagkukumpuni

Kung mayroon kang mga tanong o kailangan mo ng tulong, narito kami upang tumulong.

Pumunta sa **www.motorola.com/support**, kung saan maaari kang pumili ng iba't ibang opsyon sa customer care. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Motorola Customer Support Center.

## Paano Makakuha ng Serbisyo at Iba Pang Impormasyon

1. Paki-access at pakisuri ang online na seksyon ng Customer Support ng website ng Motorola para sa consumer bago humiling ng serbisyo para sa warranty.
2. Kung hindi pa rin gumagana nang maayos ang Produkto pagkatapos gamitin ang resource na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Warrantor na nakalista sa website ng Motorola o sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa kaugnay na lokasyon.
3. Tutulong ang isang kinatawan ng Motorola, o ng isang Motorola Authorized Repair Center, na tukuyin kung nangangailangan ng pagkukumpuni ang iyong Produkto. Maaaring hilingin sa iyo na mag-download, o kung hindi

naman ay kumuha at tumanggap ng mga update sa software mula sa Motorola o isang Motorola Authorized Repair Center. Responsable ka para sa anumang naaangkop na bayarin sa serbisyo ng carrier na makakamit habang kinukuha ang mga kinakailangang download. Kinakailangan ang pagsunod sa proseso ng warranty, mga tagubilin sa pagkukumpuni at pagtanggap ng ganoong mga update sa software upang makatanggap ng karagdagang suporta ng warranty.

4. Kung hindi maaayos ng software ang problema, makakatanggap ka ng mga tagubilin sa kung paano ipapadala ang Produkto sa isang Motorola Authorized Repair Center o iba pang pangkat.
5. Upang makakuha ng serbisyo ng warranty, alinsunod sa pinapahintulutan ng naaangkop na batas, hinihiling sa iyo na isama ang: (a) isang kopya ng iyong resibo, bill of sale o iba pang kaparehong katunayan ng pagbili; (b) isang nakasulat na paglalarawan ng problema; (c) pangalan ng iyong service provider, kung naaangkop; (d) iyong address at numero ng iyong telepono. Kung sakaling hindi saklaw ang Produkto ng Limited Warranty ng Motorola, ipagbibigay-alam ng Motorola sa consumer ang availability, presyo at iba pang mga kundisyong naaangkop sa pagkukumpuni ng Produkto.

**Upang makakuha ng serbisyo o iba pang impormasyon, paki-access at pakisuri ang online na seksyon ng Customer Support ng website ng Motorola para sa consumer sa www.motorola.com.**

# MOTOROLA MOBILITY LLC PANGGLOBONG LIMITADONG GARANTIYA SA MGA MOBILE PHONE

## Ano ang Saklaw ng Limited Warranty na Ito?

Ang Motorola Mobility LLC, o ang mga sangay nito, ("**Motorola**") y gumagarantiya sa orihinal na consumer na mamimili ("**ikaw**") na ang Mobile Phone kasama ng warranty na ito, at anumang in-box accessory na kasama nito (ang"**Mga Produkto**"), ay walang depekto sa materyal at pagkakagawa sa loob ng 12 buwan mula sa petsa ng orihinal na pagbili ng consumer ("**Panahon ng Garantiya**") kung ang Produkto ay ginamit para sa mga normal na mga layunin ng consumer. Ang mga pag-aayos na ginawa ng Motorola o awtorisadong ahente nito sa ilalim ng Limitadong Warranty na ito("**Garantiya ng Serbisyo**") ay sakop para sa balanse ng orihinal na Panahon ng Warranty, o 90 araw mula sa petsa ng Serbisyo ng Garantiya, alinman ang mas matagal. Sinasaklaw lamang ng Limitadong Warranty na ito ang pagbili ng mga bagong Produkto mula sa Motorola o sa isang awtorisadong nagbebenta o awtorisadong tagapamahagi ng Mga Produktong Motorola na kasama nitong Limitadong Warranty na nasa kahon. Ang Limitadong Garantiya na ito ay para sa iyo lang at hindi maaaring isalin sa iba. Walang retailer o iba pang ikatlong partido ang awtorisadong gumawa ng anumang representasyon sa ngalan ng Motorola o upang baguhin ang Limitadong Warranty na ito.

Karagdagang saklaw ng garantiya para sa mga produkto na naglalaman ng mga ShatterShield™ Display System: The ShatterShield™ ay binubuo ng 3 magkakahiwalay na bahagi; ang display, na naka-embed na lens, at isang

napapalitan-ng-consumer na pananggalang na lens. Ang display at naka-embed na lens ay may garantiya laban sa pagkasira at pag-crack nang apat (4) na taon mula sa orihinal na petsa ng pagbili ng consumer. Ang napapalitan-ng-consumer na panangganlang na lens ay hindi sakop ng Limitadong Warranty na ito, ngunit dapat na laging nasa lugar upang maiwasan ang mga gasgas at iba pang mga pinsala sa mga bahagi. Ang lahat ng iba pang mga limitasyon at mga pagbubukod na nakapaloob sa Limitadong Warranty na ito (tingnan ang "**Ano ang hindi sakop**" sna seksyon sa ibaba), kabilang ang mga gasgas at iba pang mga kosmetikong pinsala, sinadyang pinsala o pag-abuso, at normal na pagkasira, ay nalalapat sa mga bahagi ng ShatterShield™ display system.

**BINIBIGYAN KA NG GARANTIYA NA ITO NG MGA PARTIKULAR NA LEGAL NA KARAPATAN, AT MAAARING MAY IBA KA PANG MGA KARAPATAN NA NAG-IIBA AYON SA ESTADO, PROBINSYA O BANSA. PARA SA MGA CONSUMER NA SAKLAW NG MGA BATAS PARA SA PROTEKSYON NG CONSUMER O MGA REGULASYON SA KANILANG BANSA NG PAGBILI O, KUNG NAIIBA, SA KANILANG BANSANG TINITIRHAN, ANG MGA BENEPISYONG GINAGAWAD NG LIMITADONG GARANTIYA NA ITO AY KARAGDAGAN SA LAHAT NG KARAPATAN AT REMEDYONG IKINAKALOOB NG MGA BATAS AT REGULASYON PARA SA PROTEKSYON NG CONSUMER. PARA SA LUBOS NA UNAWA NG IYONG MGA KARAPATAN DAPAT KANG KOMUNSULTA SA MGA BATAS NG IYONG BANSA, LALAWIGAN O ESTADO.**

## Ano ang gagawin namin kung maghabol ka sa bisa ng Limitadong Warranty na ito?

Kung mag-claim ka sa ilalim ng Limitadong Warranty na ito, ang Motorola ay, sa kanyang pagpapasya, alinman sa (1) pag-aayos ng Produkto gamit ang bagong, ginamit, o reconditioned na pamalit ng piyesa; o (2) palitan ang produkto ng isang bago o 'tulad bagong' reconditioned na Produkto na pareho o katulad ng naka-garantiya na Produkto; o (3) ibalik ang bayad sa presyo ng pagbili. Ang mga inayos o pinalitang produkto ay ibabalik sa iyo sa kanilang orihinal na pagkakaayos sa pabrika, kasama ang anumang mga angkop na mga update ng software, na maaaring makaapekto sa paggamit at/o mga tugma sa mga aplikasyon ng ikatlong partido (na kung saan ang Motorola ay walang pananagutan). Ang anumang naibalik-bayad o pinalitang Produkto ay magiging pag-aari ng Motorola. Upang makakuha ng mga serbisyo sa ilalim ng Limitadong Warranty na ito, ang pag-claim ay dapat gawin sa bansa kung saan ang produkto ay ipinagbili; kung hindi, ang serbisyo ay limitado sa mga opsyon na available sa bansa kung saan ang mga serbisyo ay hiniling.

## Ano ang hindi saklaw?

Hindi saklaw ng Limitadong Garantiya na ito ang mga sumusunod maliban kung magaganap ang mga ito dahil sa depekto sa mga materyales o paggawa:

(a) Normal na pagkasira dahil sa normal na pagluma ng produkto, kabilang ang mga bahaging inaasahan na masira sa paglipas ng panahon, tulad ng baterya, lens liners, o proteksiyon na coatings.

(b) Kosmetikong pinsala, kabilang ang mga gasgas, yupi, at bitak sa mga Produkto.

(c) Pinsala na sanhi ng paggamit ng di-Motorola na tatak o aprubadog mga produkto, mga accessory o software.

(D) Pinsala na dulot sa kabila ng makatwirang kontrol ng Motorola, kabilang ang pinsala na dulot ng (i) ng aksidente, pang-aabuso, maling paggamit; (ii) paggamit ng Produkto sa labas ng pinahihintulutan o layon na mga paggamit tulad ng tinukoy sa User Manual ng Produkto, Gabay sa Mabilis na Pagsisimula, Online na Tutorial, at iba pang papeles na ibinigay sa iyo, kabilang ang paggamit ng mga Produkto para sa komersyal na layunin; (iii) hindi wastong pag-aalaga at paghawak (hal. paglantad sa Produkto sa matinding temperatura), abuso o pagpapabaya (hal. nasira o baluktot na konektor, port, o card slot ng SIM/SD); pinsala ng bangga (hal. pagbagsak sa Produkto); (iv) pagkabasa sa likido, tubig, ulan, matinding halumigmig, matinding pagpapawis o iba pang mga halumigmig; buhangin, pagkain, dumi o katulad na materyal (maliban para sa mga Produkto na ibinenta na may panlaban sa naturang mga materyales), at kung ang pinsala ay sanhi ng maling paglalagay ng proteksiyon ng telepono (hal. hindi maayos na pagsara ng isang takip), o ang mga proteksiyon na iyon ay nasira o nawawala (hal. basag na takip ng likod), o paglalagay sa Produkto sa kondisyon na lampas sa kanyang limitasyon (hal. IPx7, 30 minuto sa 1 metro ng tubig); o (v) baha, sunog, lindol, buhawi o iba pang sakuna na wala sa loob ng makatwirang kontrol ng Motorola.

(e) Di-awtorisadong serbisyo. Depekto o pagkasira na gawa ng ibang tao maliban sa Motorola o isang awtorisadong service center ng Motorola, pagseserbisyo, pagsusuri, pag-aayos, pag-iinstall, pagmamantini, pagbabago, o pakikialam sa mga Produkto.

(f) Mga produkto na binago sa anumang paraan nang walang nakasulat na pahintulot ng Motorola, kabilang ang mga Produkto (i) na may serial number o iba pang mga code ng tagagawa na tinanggal, binago o binura; (ii) may hindi-tugma o nadobleng serial number; (iii) may mga sirang seal o ibang katibayan ng pakikialam; o (iv) na kung saan ay binago upang baguhin ang pag-andar o kakayahan, o may katibayan ng mga pagtatangka na baguhin ang mga ito.

- BABALA LABAN SA PAG-UNLOCK NG BOOTLOADER O PAG-IBA NG OPERATING SYSTEM SOFTWARE NG PRODUKTO: PAGBAGO NG OPERATING SYSTEM NG PRODUKTO, NA KABILANG ANG PAG-UNLOCK NG BOOTLOADER, PAG-ROOT NG DEVICE OR PAGPAPAANDAR NG ANUMANG OPERATING SOFTWARE MALIBAN SA APRUBADONG BERSYON NA IBINIGAY NG MOTOROLA AT MGA KASOSYO NITO AY MAAARING PERMANENTENG SIRAIN ANG IYONG PRODUKTO, GINAWA NITONG HINDI LIGTAS AT/O PUMALYA AT ANUMANG PINSALA NA DULOT NITO AY, MALIBAN KUNG IPINAHAYAG NG MOTOROLA, AY HINDI MASASAKOP NG LIMITADONG GARANTIYA NA ITO.
- MAHALAGA: ILEGAL ANG PAGGAMIT NG PRODUKTO NA ITO KUNG TUMIGIL ITO SA PAGSUNOD SA MGA AWTORISASYON NG GOBYERNO NA NAGPAHINTULOT SA PAGLABAS NITO. KAYA, HINDI KA DAPAT GUMAWA NG ANUMANG PAGBABAGO SA PRODUKTO NA MAKAKAAPEKTO SA INILALABAS, MODULASYON, MGA KATANGIAN NG TRANSMISYON, KASAMA NA ANG MGA ANTAS NG KAKAYAHAN,

OPERATING FREQUENCY AT BANDWIDTH, SAR LEVEL, DUTY-CYCLE, TRANSMISSION MODE AT INILAANG PARAAN NG PRODUKTO.

(h) Mga depekto, sira o ang pagpalya ng Produkto dahil sa anumang serbisyo sa komunikasyon ng ikatlong produkto o network kung saan ka naka-subscribe o gamit ng Produkto.

(h) Software, naka-embedded in man, na-download sa, o kasama ng mga Produkto.

- SA LAWAK NG PINAHIHINTULUTANG NAAANGKOP NA BATAS, PARTIKULAR NA NA-DISCLAIM NG MOTOROLA ANUMANG AT LAHAT NG AYON SA BATAS O IPINAHIWATIG NG GARANTIYA, KABILANG ANG, WALANG LIMITASYON, MGA GARANTIYA NG KAKAYAHANG MAGBENTA, ANGKOP PARA SA ISANG MISMONG LAYUNIN, NONINFRINGEMENT, LAHAT NG GARANTIYA LABAN SA NAKATAGO O LIHIM NA DEPEKTO, AT HINDI GINAGARANTIYA NG MOTOROLA NA ANG PAGPAPATAKBO NG ANUMANG MGA PRODUKTO O SOFTWARE SAKOP SA ILALIM NG LIMITADONG GARANTIYA NA ITO AY MAABOT ANG IYONG MGA KINAKAILANGAN, GUMANA KASAMA NG ANUMANG HARDWARE OR SOFTWARE NA APPLICATION O IKATLONG PARTIDO NA SERBISYO, HINDI MAABALA, WALANG-ERROR, O WALANG PELIGRO SA, O PAGKAWALA NG, ANUMANG IMPORMASYON, DATA, SOFTWARE O MGA APPLICATION NA NAKAPALOOB DOON, O NA ANG MGA DEPEKTO SA MGA PRODUKTO O SOFTWARE AY ITATAMA. ANG NAAAYON SA BATAS O IPINAHIWATIG NA MGA GARANTIYA AY HINDI MAAARING MAKATARUNGANG I-DISCLAIM, AT SA LAWAK NA PINAPAYAGAN NG BATAS, ANG LAHAT GANOONG MGA GARANTIYA AY MAGIGING LIMITADO SA TAGAL SA TAGAL NG EXPRESS NA LIMITADONG GARANTIYA NA NAKAPALOOB DITO AT ANG REMEDYO NG PAGKUKUPUNI, PAMALIT, O PAGSAULI NG BAYAD NA ITINAKDA NG MOTOROLA SA SARILI NITONG PAGHUHUSGA AY DAPAT ANG EKSKLUSIBONG LUNAS NG CONSUMER. WALANG MGA PASALITA O NAKASULAT NA PAGKAKATAWANG ISASAGAWA NG MOTOROLA O NG ANUMANG NAGBEBENTA, RESELLER O DISTRIBUTOR NG MGA PRODUKTO, KASAMA ANG MGA EMPLEYADO AT AHENTE NG MGA IYON, ANG MAKAKAGAWA NG ANUMANG KARAGDAGANG MGA OBLIGASYON SA WARRANTY, MAKAKAPAGPALAKI SA SAKOP, O KUNG HINDI NAMAN AY MAKAKAPAGPABAGO SA MGA TUNTUNIN NG LIMITADONG GARANTIYA NA ITO SA KAHIT NA ANONG PARAAN .
- SA LAWAK NG PINAHIHINTULUTAN NG NAAANGKOP NA BATAS, PARTIKULAR NA NA-DISCLAIM NG MOTOROLA ANUMAN AT LAHAT NG PANANAGUTAN, MAGING SA KONTRATA MAN, KAMALIAN O SA ILALIM NG IBANG LEGAL NA TEORYA (KABILANG ANG KAPABAYAAN), PARA SA MGA PINSALA SA LABIS NA PRESYO NG PAGBILI SA PRODUKTO, O PARA SA ANUMANG HINDI DIREKTA, NAGKATAON, ESPESYAL O PINSALA NG ANUMANG URI, O PAGKAWALA NG KITA O MGA KITA; PAGKAWALA NG NEGOSYO; PAGKAGAMBALA SA NEGOSYO; PAGKAWALA NG OPORTUNIDAD; PAGKAWALA NG TAPAT NA HANGARIN; PAGKAWALA NG REPUTASYON; PAGKAWALA NG, PAGKASIRA SA, O PAGKASIRA NG IMPORMASYON, DATA, SOFTWARE

O MGA APPLICATION (KABILANG ANG ANUMANG GASTOS MAY KAUGNAYAN SA PAGBAWI, PROGRAMMING, O PAGGAWA MULI NG ANUMANG IMPORMASYON, DATA, SOFTWARE O MGA APPLICATION NA NAKATAGO SA O GINAMIT SA MOTOROLA NA PRODUKTO, O ANUMANG PAGKABIGO UPANG MAPANATILI ANG PAGIGING KOMPIDENSIYAL NG ANUMANG IMPORMASYON O DATA NA NAKATAGO SA PRODUKTO); O IBA PANG PINANSIYAL NA PAGKAWALA NA LUMITAW O MAY KAUGNAYAN SA KAKAYAHAN O KAWALAN NG KAKAYAHANG MAGAMIT ANG PRODUKTO O SERBISYO NA IBINIGAY SA ILALIM LIMITADONG GARANTIYA NA ITO. SA PAGHAIN NG PAGHAHABOL SA BISA NG LIMITADONG GARANTIYA NA ITO, TINATANGGAP MO NA NAUUNAWAAN MO.

- HINDI PINAPAYAGAN NG ILANG ESTADO O HURISDIKSYON ANG PAGLILIMITA O PABUBUKOD SA MGA NAGKATAON O KINAHINATNANG DANYOS, O ANG PAGBUBUKOD O PAGLILIMITA SA HABA NG ISANG IPINAHIWATIG NA WARRANTY, O ANG PAGLILIMITA O PAGBUBUKOD NG MGA DANYOS PARA SA MGA PERSONAL NA PINSALANG DULOT NG PAGPAPABAYA, KUNG KAYA'T MAAARING HINDI NAAANGKOP SA IYO ANG MGA LIMITASYON O PAGBUBUKOD SA ITAAS. BINIBIGYAN KA NG GARANTIYA NA ITO NG MGA PARTIKULAR NA LEGAL NA KARAPATAN, AT MAAARING MAY IBA KA PANG MGA KARAPATAN NA NAG-IIBA-IBA AYON SA ESTADO O HURISDIKSYON.

## Nangangailangan ng serbisyo ang aking Produkto, ano ang dapat kong gawin?

1. Bago subukang i-diagnose o ikumpuni ang anumang Produkto, mangyaring i-backup ang lahat ng software, mga application, at iba pang mga data, kabilang ang mga contact, mga larawan, musika, mga laro, na kung saan ay mabubura sa panahon ng proseso ng pagkumpuni at hindi maaaring ma-install muli ng Motorola at ang Motorola ay walang pananagutan sa gayon .
2. Repasuhin ang online na customer support website ng Motorola sa sa www.motorola.com para sa impormasyon sa pag-troubleshoot.
3. Kung hindi pa rin gumagana ng maayos ang Produkto matapos mong sundin ang mga iminungkahing pag-troubleshoot sa website na ito, makipag-ugnayan sa Motorola gamit ang mga detalye sa pagkontak na ibinigay sa pahina ng customer support**www.motorola.com/support**.
4. Kung saklaw ng Limitadong Garantiya na ito ang iyong Produkto, maaaring hingin sa iyo na i-download, o kaya'y kumuha at tanggapin ang mga update sa software. Pananagutan mo ang anumang ikatlong partidong gastos sa data na maiipon kapag kumukuha ng mga download.

   Bago kami maaaring magbigay ng anumang karagdagang suporta sa ilalim ng Limitadong Garantiya na ito kailangan mo munang sumunod sa mga proseso na warranty na binalangkas sa itaas, at ang anumang mga tagubilin na pagkukupuni na ibinigay ng Motorola.
5. Kung hindi maayos ng pag-update ng software ang problema, makatatanggap ka ng mga tagubilin sa kung paano at saan ipapadala ang Produkto para masuri. Dapat kang magbigay: (i) katibayan ng pagbili; (ii)

isang nakasulat na paglalarawan ng problema; (iii) ang pangalan ng service provider ng iyong mobile network, kung naaangkop; at (iv) ang iyong address ng tahanan at email at numero ng telepono. Mayroong karapatan ang Motorola na singilin ka para sa gastos ng pagpapadala ng Produkto sa at mula sa mga awtorisadong service center.

6. Kung hindi saklaw ang Produkto ng Limitadong Garantiya na ito (at wala kang karapatan mula sa batas sa karaniwan mong address), ipapaalam sa iyo ng Motorola ang kahandaan, presyo, at iba pang mga kondisyon naangkop sa pagkumpuni ng wala-sa-garantiya na Produkto.

# Arbitrasyon at Opt-Out

Anumang kontrobersiya o pag-claim na nagmula o may kaugnayan sa anumang mga produkto ng Motorola ay malulutas sa pamamagitan ng paggamit ng arbitrasyon, sa halip na sa hukuman, maliban kung mag-opt-out ka tulad ng ipinaliwanag sa ibaba. Ang arbitrasyon ay magaganap sa isang lokasyon na tinutukoy ng mga tagahatol gaya ng nakalagay sa mga tuntuning ito (kung ang lokasyon ay makatwirang maginhawa para sa claimant), o ibang lokasyon na kapwa napagkasunduan ng mga partido. Isasagawa ang arbitrasyon sa ilalim ng mga patakaran para sa komersyal na mga alitan na nakalahad sa Batas Komprehensibong Batas ng Arbitrasyon at Pamamaraan ng JAMS ("JAMS Batas at Pamamaraan"). Ang paghatol na ibinigay sa pamamagitan ng (mga) tagapamagitan ay maaaring ipasok sa anumang hukuman na mayroong hurisdiksyon nito. Pipiliin ang tagahatol alinsunod sa Batas at Pamamaraan ng JAMS. Ilalapat ng tagahatol ang batas ng Illinois kaayon ng Federal Arbitration Act at naaangkop na batas ng mga limitasyon, at kikilalanin ang mga pag-claim ng pribilehiyo na kinikilala sa batas.. Sa kaganapan na ang claimant ay magagawang ipakita na ang mga gastos ng arbitrasyon ay humahadlang kumpara sa gastos ng paglilitis, magbabayad ang Motorola sa lahat ng paghaharap at hearing fees na may koneksyon sa arbitrasyon na kinakailangang italaga ng tagahatol upang maiwasan ang arbitrasyon mula sa pagiging hadlang sa gastos.

Kung ang anumang bahagi ng mga arbitrasyon na ito sa probisyon ay itinuturing na walang-bisa, hindi-maipatupad o ilegal (maliban sa mga pag-claim ay hindi ma-arbitrate sa isang klase o batayang kinatawan), o kung hindi man ay sumasalungat sa mga patakaran at mga pamamaraan na itinatag ng JAMS, kung kaya ang balanse ng arbitrasyon na ito sa probisyon ay mananatiling may-bisa at dapat ipakahulugan alinsunod sa mga tuntunin nito kung ang hindi wasto, hindi maipapatupad, ilegal o magkasalungat na probisyon ay hindi nakapaloob dito. Kung, gayunman, ang mga bahagi na itinuturing ay hindi wasto, hindi-maipatupad o ilegal na pag-angkin ay hindi magagawang i-arbitrate sa isang klase o batayang kinatawan, kung kaya ang kabuuan ng probisyon na ito sa arbitrasyon ay dapat na walang-bisa, at hindi ang claimant man o ang Motorola ay may karapatan na mamagitan sa kanilang mga hindi pagkakaunawaan. Sa pag-file ng isang pangangailangan para sa arbitrasyon, ang lahat ng partido sa arbitrasyon ay may karapatan ng pagtuklas, na kung saan ang pagtuklas ay dapat makumpleto sa loob ng animnapung araw matapos ang pangangailangan para sa arbitrasyon ay ginawa, maliban kung

dinagdagan ang palugit sa pamamagitan ng mutual na kasunduan ng mga partido.

ANG ARBITRASYON SA PAGTATALO ALINSUNOD SA KASUNDUANG ITO AY MAPUPUNTA SA IYONG INDIBIDWAL NA KAKAYAHAN, AT HINDI BILANG NASASAKDAL O MIYEMBRO SA ANUMANG URI O KINATAWAN SA PAMAMARAAN. ANG TAGAHATOL HINDI MAAARING PATATAGIN O SUMALI SA PAGHAHABOL NG IBANG TAO O MGA PARTIDO NA MAAARING MAY PAREHONG KATAYUAN.

**Ang iyong karapatan na tanggihan:** Kung hindi mo nais na mailapat ang arbitrasyon na ito ng probisyon, maaaring mo itong tanggihan sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang nakasulat na abiso sa pagtanggi na naglalarawan sa arbitrasyon na ito ng probisyon, kabilang ang iyong pangalan, address, numero ng telepono, mga device, at serial number ng device, at sinasabi sa Motorola na tinatanggihan mo ang arbitrasyon na ito ng probisyon sa: Motorola Mobility LLC, 222 West Merchandise Mart Plaza, Suite 1800, Attn: Arbitration Provision Opt-Out, Chicago, IL 60654 o **arbitrat@motorola.com**. Ang abiso sa pagtanggi ay epektibo lamang kung ito ay nalagdaan at natanggap ng Motorola ang abiso sa loob ng 30 araw ng pagbili. Kung hindi mo tatanggihan ang Arbitrasyon na ito ng probisyon sa loob ng 30 araw na panahon, hindi mo magagawang tanggihan ito sa mga susunod na petsa. Kung tinanggihan mo ang probisyong ito, hindi maapektuhan nito ang iyong kakayahan na gamitin ang iyong Motorola na produkto. Kung hindi mo tinanggihan ang arbitrasyon na ito sa probisyon, magiging epektibo ito bilang petsa ng pagbili.

# Mga Copyright at Trademark

Motorola Mobility LLC

222 W. Merchandise Mart Plaza
16th Floor
Chicago, IL 60654

**www.motorola.com**

Nakadepende sa network ang ilang partikular na feature, serbisyo at application at maaaring hindi available sa lahat ng lugar ang mga iyon; maaaring malapat ang mga karagdagang tuntunin, kundisyon at/o singil. Makipag-ugnayan sa iyong service provider para sa mga detalye.

Ang lahat ng feature, functionality, at iba pang specification ng produkto, pati na rin ang impormasyong nilalaman ng guide na ito, ay batay sa pinakabagong available na impormasyon at pinaniniwalaan itong tama noong oras ng paglimbag. Inilalaan ng Motorola ang karapatang baguhin o i-modify ang kahit na anong impormasyon o mga specification nang walang abiso o obligasyon.

**Tandaan:** Mga halimbawa lang ang mga larawan sa guide na ito.

Ang MOTOROLA at ang Stylized M Logo ay mga trademark o mga nakarehistrong trademark ng Motorola Trademark Holdings, LLC. Ang Android, Google at iba pang mga trademark ay pagmamay-ari ng Google Inc. Ang Android robot ay inire-reproduce o binabago mula sa gawang nilikha at ibinabahagi ng Google at ginagamit alinsunod sa mga tuntuning inilalarawan sa Creative Commons 3.0 Attribution License. Ang lahat ng iba pang pangalan ng produkto o serbisyo ay pagmamay-ari ng kani-kanilang mga may-ari.

© 2015 Motorola Mobility LLC. Inilaan ang lahat ng karapatan.
**Mag-ingat:** Hindi tumatanggap ang Motorola ng responsibilidad para sa mga pagbabago/modification sa transceiver.
Manual Number: 68018055037-A

motorola.com

Mangyaring i-recycle!